

Bagong ipinag-uutos na mga panukala sa buong probinsya upang maprotektahan ang buhay

Disyembre 08, 2020 [Media inquiries](#)

Ang mga bagong ipinag-uutos na mga panukala sa kalusugan ay magkakabisa kaagad upang maprotektahan ang mga buhay.

Ang mga pinalawak na hakbang sa kalusugan ay magkakabisa sa buong lalawigan. Lahat ng Albertans, mga negosyo, samahan at tagabigay ng serbisyo ay dapat sundin ang lahat ng mga bagong hakbang sa kalusugan. Ang mga paghihigpit na ito ay mananatili hanggang sa hindi mas maikli na apat na linggo.

"Ang Alberta ay naghangad na protektahang pareho ang buhay at kabuhayan mula sa umpisa ng pandemiko. Ang kasalukuyang pag-angat ng pagpapa-ospital ng mga kaso ng COVID-19 ay ilalagay sa panganib ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan at buhay ng maraming mga mahihinang Albertans kung hindi natin gawin ngayon ang karagdagang aksyon. Sa pangako ng maagang pagbabakuna sa 2021, maaari nating makita ang pagtatapos ng kakila-kilabot na panahong ito. Ngunit dapat seryosohin ito ang lahat ng mga Albertans sa pamamagitan ng pananatili sa bahay hangga't maaari, at pagsunod sa mga bagong hakbang."

Jason Kenney, Premier

"Ang mga numero ng kaso at mga pagpapa-ospital sa Alberta ay umabot sa isang punto kung saan kailangan nating gumawa ng mas mahigpit na mga hakbang upang maprotektahan ang kapasidad sa ating sistemang pangkalusugan. Itong mga pinaguutos na bagong hakbang sa kalusugan ay ilan sa mga pinakamahigpit na ipinatupad namin, ngunit ang mga ito ay ganap na kritikal sa hinaharap ng ating probinsya."

Tyler Shandro, Minister of Health

"Itong mga ipinag-uutos na hakbang ay makakatulong na pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Mangangailangan ito ng mga indibidwal na pagsasakripisyo upang maprotektahan ang

Multimedia

[Watch the news conference](#)

Media inquiries

Christine Myatt

780-446-2179

Deputy Director of
Communications/Press Secretary,
Office of the Premier

ating lalawigan. Hindi lamang ito tungkol sa isang tao, ito ay tungkol sa paggawa ng ating makakaya upang maprotektahan at mailigtas ang ating mga mahal sa buhay, kasamahan, kapitbahay, at kahit mga hindi kilalang tao. Ang pagsunod sa mga hakbang ng pampublikong pangkalusugan ay paraan kung paano tayong mga Albertans nagmamalasakit at pinoprotektahan ang bawat isa. "

Dr. Deena Hinshaw, Chief Medical Officer of Health

Ang mga bagong pinalawak na ipinag-uutos na hakbang ay magkakabisa sa Disyembre 8 para sa mga pagtitipong panlipunan at sapilitan na pagsuot ng mask. Ang mga iba pa ay magkakabisa mula 12:01 ng umaga, Disyembre 13.

Mga pagtitipong panlipunan – kaagad

- Lahat ng panloob at panlabas na panlipunang pagtitipon - pampubliko at pribado - ay ipinagbabawal.
- Ang mga malapit na contact ay limitado sa mga miyembro lamang ng sambahayan.
 - Ang mga indibidwal na nakatira nang nag-iisa ay papayagan hanggang sa dalawang malapit na contact para sa personal na pagbisita, at ang dalawang taong iyon ay mananatiling pareho sa tagal ng panahon ng paghihigpit.
- Ang mga pagdiriwang, parada, kaganapan, konsyerto, eksibisyon, kumpetisyon, isport at pagganap ay mananatiling ipinagbabawal.

Pagsuot ng mask – kaagad

- Ang sapilitan na paggamit ng mask sa panloob na pagdiriwang ay papalawigin sa buong probinsya.
 - Ang mga pampublikong lugar ay mga lokasyon kung saan nagpapatakbo ang isang negosyo o organisasyon at naaangkop sa mga empleyado, mga bisita at sa pangkalahatang publiko.
 - Nalalapat sa lahat ng mga lugar sa loob ng trabaho at pasilidad sa labas ng bahay.
 - Ang pagpapatakbo sa bukid ay hindi kasama.
 - Ang mga tirahang panrenta na ginagamit lamang para sa mga layunin ng isang pribadong tirahan ay hindi ito kasama.

Mga lugar ng pagsamba - simula sa 12:01 ng umaga, Disyembre 13

- Ang lahat ng mga lugar ng pagsamba ay limitado sa 15 porsyento ng pag-okupa ng fire code para sa personal na pagdalo.
 - Matinding hinihikayat ang mga serbisyong virtual o online.
 - Ang mga serbisyong drive-in kung saan ang mga indibidwal ay hindi iniwan ang kanilang mga sasakyan at sumusunod sa patnubay ay pinapayagan at hindi napapailalim sa mga paghihigpit sa kakayahan.
 - Ang mandatong pagsuot ng mask na pinaguutos, pisikal na distansya at iba pang mga alituntunin ay mananatiling ipatutupad.

Ang retail - simula sa 12:01 ng umaga, Disyembre 13

- Ang mga retailers ay may limitadong kapasidad na 15 porsyento, ngunit kung ang 15 porsyento ay mas mababa sa limang namimili, pinapayagan pa rin silang magkaroon ng limang mga namimili sa tindahan nang sabay-sabay.
 - Hinihimok ang pag-pickup sa paligid, paghahatid at mga serbisyong online.
- Lilimitahan ang mga shopping mall sa 15 porsyento ng pag-okupa ayon sa fire code.

Pagsara - simula sa 12:01 ng umaga, Disyembre 13

- Ang mga restawran, pub, bar, lounge at cafe ay isasara ang serbisyo in-person.
- Ang mga takeout, curbside pickup at delivery service lamang ang pinapayagan.
- Isasara ang mga casino, bulwagan ng bingo, gaming entertainment center, racing entertainment center, horse track, raceways, bowling aly, pool hall, legion, at mga pribadong club.
- Mga pasilidad sa libangan - mga fitness center, sentro ng libangan, pool, spa, gym, studio, araw at magdamag na mga kampo, panloob na mga rink at arena - ay isasara.
- Pinapayagan ang mga panlabas na libangan, ngunit ang mga pasilidad na may mga panloob na lugar maliban sa mga banyo ay isasara.
- Ang mga negosyo pang aliwan - mga silid aklatan, sentro ng agham, interpretive center, museo, gallery, amusement parks at water park - ay isasara
- Ang mga hotel ay maaaring manatiling bukas ngunit dapat sundin ang mga paghihigpit - walang spa, pool o kainan sa personal. Mga serbisyo sa silid lamang ang pupwede.
- Ang mga serbisyong pang personal at kalusugan, kabilang ang mga salon ng buhok, salon ng kuko, masahe, tattoo, at piercing, ay isasara.
- Ang mga serbisyong pangkalusugan, kabilang ang physiotherapy o acupuncture, mga serbisyong panlipunan o proteksiyon, mga kanlungan para sa mga mahihinang tao, serbisyong pang-emergency, pangangalaga sa bata, at mga kusinang pangkomunidad na hindi para sa kita ay mananatiling bukas para sa pagdalo ng personal.

Trabaho mula sa bahay - simula sa 12:01 ng umaga, Disyembre 13

- Ang sapilitan na pagtrabaho sa bahay ay ipapatupad maliban kung matukoy ng employer na ang trabaho ay nangangailangan ng isang pisikal na presensya para sa pagiging epektibo ng pagpapatakbo.

Mga pagsara - nagpapatuloy mula Nobyembre 27

- Mga negosyo at organisasyon ng aliwan - mga bulwagan at sentro ng pamayanan, mga sentro ng palaruan ng mga bata at mga palaruan sa panloob, mga sinehan, awditoryum, bulwagan ng konsyerto, at mga sinehan sa komunidad, mga nightclub, bulwagan ng pagdiriwang at mga sentro ng kumperensya, panloob at panlabas na pagdiriwang, mga konsyerto na may pagbubukod sa drive-in mga kaganapan, tradeshow, at mga kaganapan sa palakasan o kumpetisyon, mananatiling sarado.

